**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL J

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

## Introduksiyon

Sa nakaraang modyul, natutunan mo ang ugnayan ng wika, at pagpapalalim ng kaalamang kultural. Sa modyul namang ito, masusuri mo ang paggamit ng Filipino sa larang ng agham panlipunan, partikular sa sosyolohiya. Inaasahang mailalapat mo rin ang paraan ng pagsusuri sa pagkilos na sensitibo sa kultura at lipunang Pilipino.

## Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul J, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng ugnayan ng wika sa larang ng agham panlipunan;

2. Makapagpapaliwanag sa mga konseptong kaugnay ng pag-aaral sa sikolohiyang Pilipino;

3. Makapagsusuri ng mga kataga, kasabihan, at paniniwala na nagpapalalim sa pagkakaunawa ng pagkataong Pilipino.

## Wikang Filipino sa Larang ng Agham Panlipunan

May ugnayan ba ang sikolohiya at wikang Filipino? Sa dalawang sanaysay sa modyul na ito, makikitang ang pagkilala sa pagkataong Pilipino ay maiuugnay sa wikang ginagamit upang ipahayag ito. Ang paraan ng pag-iisip at pagkilos ng mga Pilipino ay mababakas at maipapaliwanag sa wika.

**Gabay sa Talakayan sa Klase**

1. Basahin mo ang sanaysay ni Covar (2015) "Kaalamang Bayang Dalumat sa Pagkataong Pilipino" at ang sanaysay ni Dagmang (1996) " Hiya: Daan at Kakayahan sa Pakikipagkapwa."

2. Pagkatapos basahin ang mga sanaysay, pag-isipan mo ang mga sumusunod:

   a. Paano mo ang ipapaliwanag ang banga bilang metapora ng pagkataong Pilipino?
   b. Ilarawan ang apat na tambalan ng Labas at Loob kaugnay ng pagkataong Pilipino?
   c. Ano ang kahinaan ng paglapat ng salungatan (hiya at walanghiya) sa pagkataong Pilipino?
   d. Paano sinusuri ang dalumat ng HIYA bilang kalakasan at kakayahan?

**Gabay sa Gawain**

Maghandang makinig at makilahok sa pag-uulat ng pangkat. Nakapaloob sa ulat ang isang maikling pagsusulit para sa mga hindi kasapi ng pangkat. Maghanda sa pagsusulit na inihanda ng pangkat. Saklaw ng pagsusulit ang mga sanaysay sa modyul na ito.

**Uri ng maikling pagsusulit**: MCQ, Short answers

**Puntos ng maikling pagsusulit**: 10pts

**Format ng Pangkatang Pag-uulat:** 30 mins max (hindi kabilang ang pagsusulit), *onsite*

**Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):**

| | |
|---|---|
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Partisipasyon ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Pagtugon sa lahat ng katanungan | 1pt |
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 2pts |
| **Malinaw na paggamit ng wika:** | |
| Ispontanyong pag-uulat | 2pts |
| Malinaw at magaan na wika | 1pt |

Ginagamit ni Covar (2015) ang larawan ng banga para kumatawan sa pagkataong Pilipino. Ipinaliwanag niyang ang banga ay may labas, loob, at lalim tulad ng sikolohiyang Pilipino. Sunod niyang ginamit ang tambalan ng mga bahagi ng katawan para iugnay ang katangian at paniniwala ng mga Pilipino. Sa tambalan naliklikha ang pag-alam sa mga katangian ng pagkatao na naiuugnay sa wika. Isa pang halimbawa ng salitang maiaangkla sa pagkataong Pilipino ay ang salitang *hiya*. Sa pamamagitan ng sanaysay ni Dagmang (1996), maglalapat ng kahulugan sa *hiya* na higit pa sa negatibong pagbasa rito.

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Pangwakas

Sa modyul na ito natutunan mo na may mahigpit na ugnayan ang wika at agham panlipunan. Matatagpuan sa wika ang ang mga pagpapahalagang kultural ng lipunan at magagamit para bigyang linaw at palalimin ang larang ng agham panlipunan.

Mga Sanggunian:

Covar, P. Kaalamang Bayang Dalumat sa Pagkataong Pilipino. *Daluyan* 2015. pp. 79-90.

Dagmang, F. Hiya: Daan at Kakayahan sa Pakikipagkapwa. *MST Review (Introductory Issue 1996).* pp.66-90

https://www.researchgate.net/publication/329306231_Hiya_Daan_at_Kakayahan_sa_Pakikipagkapwa

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)